

## ***Pangangalaga sa Mga Ngipin ng Alagang Hayop***

***Isinalin sa Filipino ni Jei Reodica - Volunteer ng Philippine Animal Rescue Team (PART)/Phoenix Legacy of Compassion***



Iniiwasan mo bang mapalapit sa hininga ng iyong alagang hayop? Ang bad breath ay siguradong hindi kaaya-aya, ngunit ang iyong alaga ay maaaring may mas malubhang problema.

Ang pangangalaga sa mga ngipin o dental ng iyong mga alaga ay napaka importante. Ang kalinisan ng bibig ay higit pa sa paninigurado na ang mga ngipin ng iyong alaga ay malinis. Ang pagdami ng tartar sa mga ngipin at ang pamamaga ng mga galagid ay maaaring makapagpahina ng malusog na kalagayan ng iyong alagang hayop.

### ***Ang mga hayop ba ay nagkakaroon ng karamdamang dental?***

Oo naman! Ang karamdamang dental ay mas madalas na maaaring makita sa mga alagang hayop kaysa sa mga tao. Bakit? Dahil ang ating mga alaga ay walang kakayahan na mag sipilyo o mag floss ng kanilang mga ngipin. Kaya hindi sorpresa na 80 porsyento ng mga aso at 70 porsyento ng mga pusa ay mayroong sensoryales ng karamdamang dental pag sila ay nasa edad na 4 na taon na. Sa katunayan, ang karamdamang dental ay marahil isa sa mga pinaka karaniwang problemang pangkalusugan sa mga aso at mga pusa.

Sa mga tao, ang cavity ang pinaka karaniwang porma ng karamdamang dental, ngunit sa mga aso at mga pusa, ito ay ang pagdami ng tartar. Ang tartar ay nakakasanhi ng irtasyon ng mga galagid, pag-uga ng ngipin, pagkakalantad ng mga ugat ng ipin, impeksyon, mga abscess ng ipin, at, sa kalaunan,

pagkawala ng ngipin. Ang isang hindi nagamot na impeksyon sa loob ng bibig ay maaaring dumaloy sa agusan ng dugo at mabitbit ang impeksyon sa iba't ibang parte ng katawan. Ang resulta nito ay maaaring mas seryosong pangkalusugang mga panganib sa katawan, tulad ng sakit sa bato, atay at sa puso. Gayundin, maaaring maging hindi kumportable at ayaw o hindi makakain ng maayos ang iyong mga alaga dahil sa namamaga, masakit at maugang ipin.

### ***Hindi ba na ang pagpapakain ng tuyong pagkain sa aking alaga ay makakaiwas sa mga problema sa ngipin?***

Karamihan ng mga tao ay naniniwala na ang pagpapakain ng tuyong pagkain sa kanilang mga alaga ay sapat na upang makaiwas sa mga problemang dental. Hindi din. Ang diyeta ay maaaring mayroong mas kaunting kahalagahan sa pagpigil sa pagdami ng tartar kaysa sa iniisip ng karamihan. Ang tuyong pagkain ay hindi gaanong malagkit, syempre, at hindi kumakapit sa ipin tulad ng de-lata pagkain. Ngunit, ang pagkain ng tuyong pagkain ay hindi nakakaalis ng tartar sa mga ngipin. Ang ilan sa mga chewing toys o strips (lalo na ang mga mayroong enzymes) na dinisenyo upang makalinis ng ngipin ay maaaring makatulong sa pagbabawas ng tartar kahit papaano, ngunit ang isang propesyunal na paglilinis lamang ng inyong beteryaryo ang makakapagalis ng tartar kapag ito at nabuo na.

### ***Ano ang nag-aambag sa sakit sa ngipin sa mga alagang hayop?***

Isa sa mga pangunahing kadahilanan ay ang indibiduwal na kimika ng bibig ng iyong alaga. Ang ilan sa mga alagang hayop ay nangangailangan ng paglilinis ng ngipin taun-taon; ang ilang ay nangangailangan ng paglilinis ng isang beses lamang tuwing ilang taon. May papel din na ginagampanan ang lahi ng iyong alaga sa kanyang pangkalusugang dental. Ang mga maliliit na aso, lalo na ang mga may maiikling mukha (Pekingese, pug,, etc.) ay particular na madaling magkaroon ng mga problemang dental, tulad na rin ng mga Persian na pusa.

### ***Paano ko malalaman kung ang aking alaga ay may sakit sa ngipin?***

Ang mabahong hininga ay isang malinaw na palatandaan. Ngunit maaari ka ding makakita ng dilaw hanggang tsokolateng kulay ng ngipin na natatakpan ng kamalig-tulad na matigas na sangkap at mapula at namamagang galagid na madaling nagdurugo. Maaari ka din makakita ng maugang ngipin na masyadong sensitibo kapag hinawakan. Ngunit, ang pinakamainam na paraan upang malaman kung kailangan ng alaga mo ang paglilinis ng kanyang ngipin at ipatingin ito sa beteryaryo.

### ***Ano ang mga kasama sa pangangalaga ng ngipin ng iyong mga alagang hayop at isang paglilinis ng ngipin?***

Kung natukoy ng iyong beteryaryo na ang iyong alaga ay nangangailangan ng paglilinis ng mga ngipin, eto ang mangyayari. Una, ang iyong alaga ay kailangang maisailalim sa general anesthesia. Hindi posible na malinis ng maigi ang mga ngipin kung ang alaga mo ay gising. Ang mga ngipin ng iyong alaga ay lilinisin, kakaliskisan gamit ang ultrasonic scaler, at papakintabin. Ang isang masusing pagsusuri ng mga ngipin ay makakapagtukoy kung may kailangang buntin na ipin. Ang beteryaryo ay magsisiyasat ng buong oral cavity upang maghanap ng mga abnormal na bagay tulad ng tumor o malalim na impeksyon sa mga galagid o panga.

Matapos ang paglilinis, ang iyong alaga ay maaaring uminom ng oral antibiotics at kumain ng mas malambot na mga pagkain ng ilang araw, lalo na kung maraming impeksyon o kung maraming ngipin

ang kinailangang bunutin. Kapag nakauwi na ang iyong alaga, ikaw ay papayuhan patungkol sa nararapat na programang pangangalagang pang dental ng iyong alagang hayop.

Kaya, upang mapanatiling nakangiti ang iyong alaga, magtakda ng regular na pagsusuring dental sa iyong beterinaryo.